



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Kalinisan sa Islam



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang Kalinisan ay isa sa pinakamagandang katangian at pag-uugali na kung saan hindi magiging maayos ang buhay kung wala ito. Ito ay makakatulong para magkaroon ng matiwasay na pamumuhay. Sa batas ng Islam, makikita dito ang pagbibigay halaga sa pangangalaga sa sarili at kalinisan nito. Ito ay makakabuti sa kalusugan ng tao at kanyang kapaligiran.

Natural sa tao ang pagiging malinis na siyang nagpapakita ng kanyang magandang pag-uugali. Ang Islam bilang nababagay na relihiyon sa sangkatauhan ay una sa pagbibigay halaga sa kalinisan ng tao at paligid. Kasama na rito ang kadalisan ng panlabas at panloob. Sinabi ng Propeta SAWS: “ang kadalisan ay kalahati ng pananampalataya”¹. Sa Islam, ang kadalisan ay kundisyon sa maraming pagsamba. Nangunguna na rito ang Salah o Pagdarasal, sinabi ng Allah: “at dakilain mo ang iyong Panginoon(3) at iyong linisin ang iyong damit (4)”². Ganun din ang pagtawaf sa ka’ba, pagbabasa ng Qur’an, at iba pang mga uri ng pagsamba.

Bilang pagpapakita ng kakumpletuhan ng Islam ay ang pagbibigay ng halaga nito sa kalinisan, ng kalooban at panlabas. Importante ito sa kanyang buhay at para na rin makaiwas sa mga sakit. Ito ay maibibilang na pagsamba na kung saan kailangan niyang pangalagaan ang kanyang sarili mula sa kahit anong sakit sa pamamagitan ng pagiging malinis katawan, damit, tirahan, at pinagdadasalan.

Sinabi ng Allah: “oh mga anak ni Adan, kunin ninyo ang inyong kaayusan sa pagpunta sa Masjid”³. Kasama na rin dito ang kalinisan sa mga pinagmumulan ng tubig, daanan, at pampublikong lugar. Ang pag-alis ng mga bagay na makakasama sa tao ay parte ng pananampalataya “ang pag-alis ng nakakasama sa daan ay kawang-gawa”⁴

Nabanggit sa mga bersukulo sa Qur’an at tradisyon ng Propeta Muhammad SAWS ang paghikayat sa kabutihan at kahusayan. Sinabi ng Allah: “kayo ay magtulungan sa kabutihan at kabanalan”.⁵ Nakapaloob dito ang kalinisan na hindi lang sa isang tao, kundi panlipunan din. Ito ay nararapat na sasalamin ating kapaligiran, halaman, hayop, tubig, at hangin. Ang kalinisan ay isang katangian na nagpapatupad ng kautusan ng Allah sa atin bilang tagapamahala. Sabi ng Allah: “tunay ana ako ay lilikha ng tagapamahala sa mundo”⁶. Ito ay importanteng pag-uutos na dahilan ng pagkalikha ng isang tao na kung saan siya ang may responsibilidad sa pakikitungo sa kanyang kapwa, kapaligiran, at lahat ng linikha. Hindi ito maisasatupad maliban sa pamamagitan ng pagtutulungan sa pangangalaga sa malinis at magandang kapaligiran na malayo sa kahit anong ikasasama ng tao, polusyon, at maling paggamit nito nang sa gayo’y makamit ang biyayang kalusugan.

Ang kulturang kalinisan sa lahat ng bagay ay napaka-importanteng bagay na isa sa mga katuruan ng Islam, at isa sa mensahe ng mga Propeta mapasakanila nawa ang kapayapaan. Isa sa magpapakumpleto sa katayuan ng tao ay ang pagbibigay halaga niya sa kanyang sarili, paligid, lipunan, at ugali. Ito ay magdudulot ng kasiyahan at kaayusan ng bawat isa at lipunan.

¹ Sahih Muslim, no 223

² Surah Al Muddaththir: 3-4

³ Surah Al A’raf:31

⁴ Sahih Bukhari, no 2989

⁵ Surah Al Maida:2

⁶ Surah Al Baqara:30